

安心して暮らしていただくために
Para sa ligtas na pamumuhay sa siyudad ng Nagoya

名古屋の防火防災ガイド

Gabay sa paghahanda para sa kapahamakan sa siyudad ng Nagoya



火 災 / Sunog	P 1
地 震 / Lindol	P 5
風水害 / Pinsala sanhi ng bagyo at baha	P 10
避 難 / Pagsilong patungo sa kaligtasan	P 11
急 病 / Biglaang pagkakasakit	P 13
消防署 / Himpilan ng Bombero	P 14
119番通報 / Pag-dial ng 119 para sa emerhensiya	P 15



火災 (Sunog)

1 火災に備えて (Paghahanda sa oras na magkaroon ng sunog)

名古屋市では、毎年多くの火災が発生しています。あなたの大切な命や財産を失わないように、火の取扱いには十分注意しましょう。

Maraming kaso ng sunog ang nangyayari sa siyudad ng Nagoya bawat taon. Upang maiwasan ang pagkawala ng sariling buhay at mga ari-arian, kailangang mag-ingat ng husto sa pangangasiwa ng apoy.

2 火災が起きたら (Kapag nagkaroon ng sunog)

発見 Pagtuklas

大きな声で、家族や周りの人に知らせる。

Sumigaw ng malakas upang ipaalam ang pangyayari sa sariling pamilya at mga taong nasa paligid.

火災は急激に広がる可能性があります。炎が「人の高さ」を超えたら、すぐに避難してください。

Ang sunog ay maaring kumalat ng bigla. Kapag ang apoy ay lumampas sa “taas ng tao”, sumilong agad patungo sa kaligtasan.

通報 Pagbigay-alam

電話番号は 119 番です。

自分で通報できないときは、日本語の話せる方に 119 番通報をお願いします。炎が大きい場合は、外に避難することを優先しましょう。

Tawagan ang numerong 119.

Kung hindi magawang tumawag mismo, makiusap sa isang taong marunong magsalita ng wikang Hapon upang ipaalam ang pangyayari sa pamamagitan ng pagtawag sa 119. Kung masyadong malaki ang apoy, lumabas agad patungo sa kaligtasan.

※通報する内容は裏表紙のとおりです。

※Nasa likurang bahagi ang detalye ukol sa impormasyong dapat ipaalam.

消火 Pagpatay ng apoy

炎が小さく、煙などで息苦しくなったら初期消火を行いましょう。

炎が大きい場合は、外に避難することを優先しましょう。

Kung kaunti lamang ang apoy, pero nahihirapang huminga dahil sa usok at iba pa, kailangang umpisahan agad ang pagpatay sa apoy.

Kung masyadong malaki ang apoy, kailangang lumabas agad patungo sa kaligtasan.

避難 Pagsilong sa kaligtasan

必ず、屋外に避難しましょう。

1階におりられない場合や直接、地上へ通じる出入口まで行けない場合は、ベランダやバルコニー、窓際に避難してください。

避難したら、絶対に家の中に戻ってはいけません。

Kung hindi magawang bumaba sa unang palapag o di kaya’y hindi maaring tumakas ng direkta patungo sa pinakamalapit na ground floor exit o labasan, sumilong sa veranda o balkonahe sa bandang bintana.

Pagkatapos tumakas ay huwag bumalik sa loob ng bahay.

3 消火器と住宅用防災機器 (Fire Extinguisher at Fire Prevention Devices para sa bahay)

いざという時のために消火器や住宅用火災警報器などを備えたり使い方を覚えておきましょう。


Bilang paghahanda para sa emerhensiya, kailangang ihanda at alamin ang tamang paggamit ng Fire Extinguisher, Fire Alarm Devices para sa bahay at iba pa.



(1) 消火器 (Fire Extinguisher)

【使い方】 (Paraan ng paggamit)

①安全栓を引きぬく
① Hilahin ang safety stopper



②ホースを火元に向ける
② Itapat ang hose sa apoy



③レバーを握る
③ Hawakan ang lever



【ポイント】 (Punto)

・風上から風下に向けて使しましょう。

Sa paggamit ng fire extinguisher, siguruhing ibuga ang spray ng paiwas sa direksiyon ng hangin.

・消火剤を放射できる時間は約 15 秒です。

Ang extinguishing agent ay maaring ibuga ng humigit-kumulang sa 15 segundos.

・炎に向けて放射するのではなく、炎の根本をほうきで掃くように左右に振りながら消火しましょう。

Sa paggamit ng fire extinguisher, hindi sapat na itapat lamang ang pagbuga nito sa apoy, kailangang itapat ito sa pundasyon ng apoy habang ginagalaw sa kaliwa't kanan na parang nagwawalis.

【適応する火災の種類とその表示方法】 (Naaangkop na uri ng sunog at paglalarawan)

消火器には消火できる火災種別が次のように表示されています。

Ang sumusunod ay isang paglalarawan ng mga uri o kategorya ng sunog na ginagamitan ng fire extinguisher.

区分 Kategorya	適応する火災の種類 Naaangkop na uri ng sunog	表示 Paglalarawan
A 火災 (電気火災を除く。) Class-A (Maliban sa sunog na sanhi ng kuryente o elektrisidad)	木材、紙、繊維類などが燃える火災 Sunog mula sa pagkapit ng apoy sa mga bagay na gawa sa kahoy, papel, fiber materials at iba pa.	旧表示 (dating larawan)  A火災 (普通火災)
B 火災 (電気火災を除く。) Class-B (Maliban sa sunog na sanhi ng kuryente o elektrisidad)	石油類その他の可燃性液体、油脂類などが燃える火災 Sunog mula sa pagkapit ng apoy sa mga bagay na gawa sa petroleum products at ibang likidong madaling masunog, langis / fatty oils at iba pa.	旧表示 (dating larawan)  B火災 (油火災)
C 火災 Class-C Sunog na sanhi ng kuryente o elektrisidad	電気設備・電気器具などの火災 Sunog mula sa pagkapit ng apoy sa mga pasilidad / kagamitang gumagamit ng elektrisidad at iba pa.	旧表示 (dating larawan)  C火災 (電気火災)

(2) 住宅用消火器とエアゾール式簡易消火具

(Home-Type Fire Extinguisher at simpleng Aerosol-type Fire Extinguisher)

住宅用消火器は軽くて扱いが簡単な住宅用の消火器です。
エアゾール式簡易消火具は片手で素早く使えるスプレー式で、
天ぷら油などの火災に有効です。

防災用品販売店や ホームセンター等で販売されています。




Ang Home-Type Fire Extinguisher ay magaan at madaling gamitin sa pagpatay ng apoy.
Ang simpleng Aerosol-Type Fire Extinguisher ay isang spray na maaring gamitin sa isang kamay lamang at mabisa sa pagpatay ng apoy na sanhi ng mantika ng tempura at iba pa. Maari itong bilhin sa tindahan ng fire-proof devices / equipments at sa Home Center at iba pa.

(3) 住宅用火災警報器 (Home-Type Fire Alarm Device)

名古屋市では全ての住宅の寝室、台所、階段(2階以上に寝室がある場合)への住宅用火災警報器の設置が義務付けられています。防災用品販売店やホームセンター等で販売されています。

住宅用火災警報器には「煙式」と「熱式」がありますが、購入する時は「煙式」を選択してください。

Bilang regulasyon sa siyudad ng Nagoya, ang lahat ng silid-tulugan, kusina, hagdanan (sa kasong may silid-tulugan sa itaas ng ikalawang palapag) ay kailangang kabitan ng Home-Type Fire Alarm Device. Maari itong bilhin sa tindahan ng fire-proof devices / equipments at sa Home Center at iba pa.



Sa pagbili ng Home-Type Fire Alarm Device, maaring piliin ang “Smoke-Type” o “Heat-Type”. Kailangang piliin ang “Smoke-Type” kapag bibili ng fire-alarm device para sa sariling tahanan.

(4) 防災品 (Fire-Proof)

寝具や衣類など、火が着いても燃え広がりにくいので安全です。

Ang mga beddings o gamit-pantulog, damit at iba pa, na kahit kapitan ng apoy ay hindi madaling kumalat, ay masasabing ligtas.



防災品には「防災ラベル」が表示されています。
Ang mga bagay o materyales na may panlaban sa apoy ay may marka o label na “Fire-Proof”.

4 避難の方法 (Paraan ng pagtakas o pagsilong sa kaligtasan)

火災で怖いのは炎より煙です。消火できないと思ったら、煙を吸わないよう姿勢を低くして、建物の外に避難しましょう。外出先で火災が起きた場合は、誘導灯の矢印に従って避難してください。

Sa panahon ng sunog, mas nakakatakot ang usok kumpara sa apoy. Sa oras na matantiyang hindi kayang patayin ang apoy, ibaba o iyuko ang sarili upang maiwasang masagap ang usok at tumakas patungo sa labas ng gusali. Kapag nagkaroon ng sunog habang nasa ibang lugar sa labas ng sariling tahanan, sundin ang direksiyon ng “Emergency Evacuation Light” sa pagtakas.

5 誘導灯の種類 (Mga uri ng Guidance Light)

誘導灯には、緑地に白で表示された「避難口誘導灯」と、白地に緑で表示された「通路誘導灯」があります。「通路誘導灯」の矢印に従って進むと「避難口誘導灯」が付いている出口にたどり着けます。

Sa berdeng background ay nakalarawan sa puti ang “Evacuation Exit Guidance Light” at sa puting background naman ang “Route Direction Guidance Light”. Sa pagsunod sa direksiyon ng “Route Direction Guidance Light”, mararating ang labasang may nakalagay na “Evacuation Exit Guidance Light”.

【避難口誘導灯】

【Evacuation Exit Guidance Light】

(出口を示すもの)

(Ipinapakita kung saan ang labasan)



【通路誘導灯】

【Route Direction Guidance Light】

(避難する経路を示すもの)

(Ipinapakita ang daan o ruta patungo sa pook na masisilungan)



6 放火されない環境づくり (Paglikha ng kapaligirang pipigil sa panununog)

出火原因の第1位は放火です。日頃から放火されない環境を作りましょう。

- 家の周り、マンションなどの廊下や階段に燃えやすい物(ゴミ)を置かない。
- 隣近所で声をかけあう。
- 資源・ゴミは収集日の朝に出す。
- 屋外灯や玄関灯を点灯する。
- センサー付ライトやブザーなどの防災機器を活用する。
- 物置や車庫にはカギをかける。



Magandang hapon.

Lalabas lang ako ng saglit.

Sige, ingat na lang sa paglabas.

Nakasara kaya ang garahe...

Ang numero unong sanhi ng sunog ay ang sadyang pagsunog o panununog. Dahil dito, kailangang itaguyod ang paglikha ng isang paligid na pipigil sa gawaing ito.

- Iwasang maglagay ng mga bagay (basura) na madaling masunog sa paligid ng bahay, sa pasilyo o hagdanan ng condominium (mansion) at iba pa.
- Makipag-usap sa kapitbahay.
- Ilabas ang mga bagay na maaring i-recycle at mga basura sa umaga ng itinakdang araw ng pagkulekta.
- Siguruhing nakasindi ang ilaw sa labas at sa balkonahe.
- Magkabit ng ilaw na may sensor, buzzer at iba pang fire-prevention device.
- Lagyan ng susi ang storeroom at garahe.



地震 (Lindol)

1 地震に備えて (Paghahanda sa pagdating ng lindol)

日本は世界でも有数の地震国で、過去幾度となく大きな地震災害に見舞われてきました。地震による被害を少なくするために、地震が起こった場合の備えや対策をしておきましょう。

Ang bansang Hapon ay isa sa mga panungahing bansang madalas magkaroon ng lindol at ilang beses na itong nakaranas ng malaking pinsala sanhi ng paglindol. Upang mabawasan ang pinsalang dulot ng lindol, kailangang may sapat na paghahanda at itatag ang mga hakbang na dapat gawin sa oras na magkaroon ng lindol.

2 地震が起きたら (Sa oras na magkaroon ng lindol)

自宅にいる時に地震が起きた場合は次のことに注意しましょう。

- まず、わが身の安全: 倒れやすい家具から離れ、丈夫な机の下に隠れるか、クッションや布団で頭を守る。(日頃から家具の転倒防止対策をしておく。)
- 火の始末: ガスコンロやストーブ等はできたら火を消し、大きな揺れの場合は、揺れがおさまってからやけどをしないよう気を付けて消す。
- 出口を確保: 揺れを感じたら閉じ込められないようにドアを開け、避難路を確保する。
- 慌てて外に飛び出さない: どんなに大きい地震でも激しい揺れは最初の1分程度なので、慌てて外に飛び出すと、瓦やガラス等の落下により危険である。
- 正しい情報収集: デマ情報に惑わされないよう、ラジオやテレビ、インターネットなどで正しい情報を得て的確な行動をとる。

Kapag nasa sariling tahanan sa oras ng paglindol, kailangang mag-ingat sa sumusunod:

- Una sa lahat, siguruhin ang sariling kaligtasan: Lumayo sa mga kasangkapang madaling mabuwal, pumailalim sa isang mesang matibay o di kaya'y protektahan ang ulo sa pamamagitan ng cushion o futon. (laging siguruhin na matatag ang pagkakatayo ng kasangkapan at hindi madaling matumba.)
- Pagpatay ng apoy: Hangga't maari ay patayin ang apoy sa gas burner, stove at iba pa. Kapag nagkaroon ng malaking pag-uga, hintayin munang humupa ang pag-uga bago patayin ang apoy at ingatang huwag mapaso.
- Kumpirmahin ang labasan: Kapag nakaramdam ng pag-uga, buksan ang pinto upang hindi makulong sa loob ng kuwarto sanhi ng pagbara ng pinto at siguruhin ang daan patungo sa kaligtasan.
- Huwag magmadaling tumakas sa labas: Kahit anumang laki ng lindol, ang pinakamalakas na pag-uga ay sa unang isang minuto lamang, kaya delikado ang magmadali agad sa pagtakas patungo sa labas dahil sa mga bagay na maaring mahulog sa itaas tulad ng mga tisa, salamin at iba pang bagay.
- Kunin ang tamang impormasyon: Iwasang malito sa maling impormasyon, kumpirmahin ang tamang impormasyon sa pamamagitan ng radyo, TV, Internet at iba pa at isagawa ang nararapat na hakbang sang-ayon sa impormasyong nakuha.

3 緊急地震速報 (Emergency Earthquake Alert System)

地震による強い揺れが始まる数秒から数十秒前に、テレビ・ラジオ・携帯電話などで緊急地震速報が配信されます。この速報に気付いたら、頭を保護し、丈夫な机の下に隠れるなど身の安全を図りましょう。また、外出先でエレベーターに乗っているときは中に閉じ込められないように全ての階のボタンを押し、停止した階でエレベーターから降りましょう。

Mula ilang segundo hanggang ilang sampung segundo bago magkaroon ng malakas na pag-uga sanhi ng lindol, ipinapadala ang impormasyon kaugnay sa pangyayaring ito sa pamamagitan ng Emergency Earthquake Alert System sa TV, radyo, mobile phone at iba pa. Sa oras na matanggap ng alertong ito, protektahan agad ang ulo, pumailalim sa isang mesang matibay at iba pang hakbang para protektahan ang sarili. Kapag nasa loob ng elevator, iwasang makulong sa loob nito sa pamamagitan ng pagpindot sa lahat ng floor button at bumaba agad sa palapag na hinintuan ng elevator.

4 東海・東南海地震について (Tokai / Tonankai Earthquake)

過去 500 年余りの地震の記録によると、名古屋市を含むこの地域では約 100 年から 150 年間隔で、ほぼ同じ場所で同じ規模(マグニチュード8程度)の地震が繰り返し起きています。しかし、1854 年の安政東海地震以後、150 年以上も大地震が発生していないので、いつ起きても不思議ではありません。

Base sa nakaraang 500 taong pagtatala ng lindol, sa rehiyong ito kalakip ang siyudad ng Nagoya ay nagkaroon ng paulit-ulit na paglindol sa interval ng 100 taon hanggang 150 taon at ito ay halos nangyari sa parehong lugar at ganoon din ang laki o lakas nito (nasa magnitude 8). Mula noong Ansei-Tokai Earthquake sa taong 1854, may 150 taon na ang nakalipas at wala pang nangyaring malaking lindol, kaya posibleng mangyari ito sa anumang oras.

5 東海地震に関する情報 (Impormasyon kaugnay sa Tokai Earthquake)

「東海地震」は国内で唯一、予知が可能であるとされている地震で、予知ができた場合は次のような情報が発表されます。

Ang Tokai Earthquake ay itinuturing na tanging lindol sa loob ng Japan na maaring gawan ng “Earthquake Prediction”. Sa oras na magkaroon ng Earthquake Prediction, ipinamamahagi ang sumusunod na impormasyon.

東海地震に関連する調査情報(臨時)(※)

Impormasyon ukol sa pagsusuri ng Tokai earthquake
(pansamantala)



観測データ(ひずみ計)に通常とは異なる変化が観測された場合、その変化の原因についての調査の状況を発表する情報

Kapag may pagkakaibang napansain mula sa regular na impormasyong nakuha sa pagsusuri (Strain Meter), ang lagay ng imbestigasyon ukol sa dahilan ng pagkakaibang nabanggit ay ipinamamahagi sa publiko.



※「東海地震に関連する調査情報」には、「臨時」以外に「定例」というものがあります。「定例」とは、毎月
の定例の判定会で評価した「東海地震」に直ちに結びつくような変化が観測されていないと判断された調
査結果を発表するものです。

※Bukod sa kategoryang “Pansamantala” na nakalagay sa “Impormasyon ukol sa pagsusuri ng Tokai Earthquake”, may kategorya din na tinatawag na “Regular”. Sa kategoryang “Regular”, ang resulta ng pagsusuring nagawan ng desisyon ang ipinamamahagi kapag walang pagbabagong nakita agad sa “Tokai Earthquake” na pinagpapasiyahan sa monthly screening committee.


東海地震注意情報

Impormasyon kaugnay sa Tokai Earthquake Warning



観測された現象が東海地震の前兆現象である可能性が高まった場合に発表される情報

Ito ang impormasyong ipinamamahagi sa oras na makumpirma na may malaking posibilidad na ang naobserbahang pangyayari ay isang babala o warning sign sa pagdating ng Tokai Earthquake.



- 東海地震注意情報が発表されると、テレビやラジオから繰り返し情報が流れます。また、広報車や防災スピーカーなどでお知らせします。
- Kapag ipinalabas ang impormasyon ukol sa Tokai Earthquake Warning, isasagawa ang paulit-ulit na pag-uulat nito sa TV at radyo. Ipinamamahagi din ito sa pamamagitan ng mga PR vehicles at Disaster-Prevention Speakers.

東海地震予知情報

Tokai Earthquake Prediction Information




「警戒宣言」が発せられ、東海地震の発生するおそれがある場合に発表される情報

Ipinamamahagi kapag napag-alamang may panganib na magkaroon ng Tokai Earthquake, matapos ipalabas ang “Warning Announcement”.



- 「警戒宣言」が発せられると、東海地震注意情報と同じ方法で情報が伝達されます。さらにサイレンや警鐘により警戒宣言の発令が伝達されます。
- Kapag ipinalabas ang Warning Announcement, ang impormasyon ay ipinamamahagi tulad ng pagbigay ng impormasyon sa kaso ng Tokai Earthquake Warning. Bukod pa rito ginagamit din ang siren at alarm bells sa pagbigay ng anunsiyo.
- 「警戒宣言」時は、公共交通機関の運行や道路の通行が制限されたり、公共施設の利用や金融機関の窓口業務が停止します。
- Kapag ipinalabas ang Warning Announcement, isasagawa ang pagkontrola sa operasyon ng public transport system at mga daan at ititigil ang paggamit ng pampublikong pasilidad at financial institution counters.

サイレン (Siren)



5 回以上吹鳴
Pipito ang siren ng higit sa 5 beses

警鐘 (Alarm Bells)



(1 回 5 点)
(Isang beses = limang tunog)

10 回以上打鐘
Tutunog ang alarm bells ng higit sa 10 beses

6 津波について (Tungkol sa tsunami)

地震発生後、津波の発生が予測される場合に気象庁から津波警報等が発表されます。


名古屋市では、気象庁から伊勢・三河湾に津波警報(津波・大津波)が発表されたと同時に、避難対象地区(※)に避難勧告を発令します。避難勧告はサイレン、広報車などでお伝えします。

※避難対象地区: 港区の野跡二丁目1番及び6番、港町の一部、潮凧町の一部、千鳥二丁目の一部、大江町の一部

Kapag may panganib sa pagdating ng tsunami pagkatapos ng lindol, magkakaroon ng anunsiyo mula sa Weather Bureau para ibigay ang mga detalye ukol sa tsunami. Sa siyudad ng Nagoya, kasabay ng pagbigay ng babala sa panganib ng tsunami (karaniwang tsunami / malaking tsunami) sa Ise / Mikawa Bay, ang Weather Bureau ay magpapalabas din ng Evacuation Order para sa Evacuation-designated Area ※. Ang Evacuation Order ay ipinaparating sa mga mamamayan sa pamamagitan ng siren, PR vehicle at iba pa.

※ Evacuation-designated Area: 1 at 6 ng Noseki 2-chome ng Minato-ku, bahagi ng Minato-cho, bahagi ng Shionagi-cho, bahagi ng Chidori 2-chome, bahagi ng Ooe-cho

避難勧告サイレン信号 (Siren signal para sa Evacuation Order)



津波避難勧告文例 (Modelo para sa Tsunami Evacuation Order)

『こちらは「こうほうなごや」です。津波警報が発表されました。すぐに海や川から離れて、安全な高いところへ避難してください。』

『Kochira wa [Koho Nagoya] desu. Tsunami Keiho ga happyou sare mashita. Sugu ni umi ya kawa kara hanarete, anzen na takai tokoroe hinan shite kudasai.』

『Ito ang ‘Koho Nagoya’. Nagpalabas na ng anunsiyo para sa Tsunami Warning. Lumayo agad sa dagat at ilog at tumakas sa pook na mataas at ligtas.』

※文例は、日本語のみで放送されます。※Ang anunsiyong ito ay ipinamamahagi sa wikang Hapon lamang.

津波避難ビル (Gusali para sa pagsilong mula sa tsunami)

地震が発生し、伊勢・三河湾に大津波警報が発令されたとき、津波の来ない高台に行くための時間がない場合や、近くに高台がないという場合の一時的な避難をする場所のことです。

右の表示が、津波避難ビルに指定した建物の出入口などに貼り付けてあります。
対象区域: 瑞穂区・熱田区・中川区・港区・南区・緑区

Ang gusaling ito ay maaring gamitin ng pansamantala sa oras na magkaroon ng inuulit at isinagawa ang anunsiyo para sa Tsunami Warning (malaking tsunami) sa Ise / Mikawa Bay, kung saan walang sapat na oras para tumungo sa mataas at ligtas na lugar o di kaya’y walang mataas na lugar sa paligid.

Ang markang nakalarawan sa kanan ay idinidikit sa entrance o pasukan ng gusaling itinakda bilang pook-silungan sa oras na magkaroon ng tsunami.

Ang nasasakop na mga rehiyon ay: Mizuho Ward, Atsuta Ward, Nakagawa Ward, Minami Ward at Midori Ward.



7 家具の転倒防止や落下物の対策

(Mga hakbang para iwasan ang pagkabuwal ng kasangkapan at pagkahulog ng mga bagay)

阪神・淡路大震災では、家は倒壊しなくても倒れてきた家具に押しつぶされたり、割れたガラスでケガをした人がたくさんいました。建物が無事でも家具が転倒するとケガをしたり、室内が散乱状態のために延焼してきた火災から避難が遅れてしまうなど被害が大きくなりますので、次の対策をしましょう。

Base sa naganap na Great Hanshin Awaji Earthquake noon, naobserbahan na kahit hindi gumuho ang mga bahay o gusali, marami ang napinsala sa pagkakaipit sa mga kasangkapang nabuwal at nasugatan sa mga basag na salamin. Kahit walang masyadong pinsala sa gusali ay maaring masugatan sanhi ng pagkabuwal ng mga kasangkapan at dahil sa pagkagulo sa loob ng silid ay maaring matagalan sa pagtakas sanhi ng kumalat na apoy at tuloy lumalaki ang pinsalang natatamo. Dahil dito ay kailangang isagawa ang sumusunod na mga hakbang:

- ① 家具と壁等を金具で固定する。
- ② 家具は寝ている人の上に倒れてこないよう、また、倒れて出入口をふさがない位置に置く。
- ① Siguruhing lagyan ng metal fittings ang mga kasangkapan at dingding upang patibayin ang pagkakasuporta nito.
- ② Siguruhing hindi mabuwal ang kasangkapan sa mga natutulog o di kaya'y ilagay ang mga ito sa lugar na kung saan hindi makakasagabal o haharang sa pintuan o labasan.

8 非常持出品の用意

(Paghahanda sa mga bagay na dadalhin sa panahon ng emerhensiya)

大地震が発生した場合、道路などが被害を受けると食料が流通するまでに数日かかると予想されます。日頃からの備蓄として、おおむね7日分程度備え、そのうちの3日間程度をすぐに持ち出せる非常持出品として、両手が使えるリュックサックなどにまとめておきましょう。

Kapag nasira ang mga daan at iba pa sa panahon ng lindol, tinatantiya na aabutin ng ilang araw bago maibalik sa dati ang paghatid sa mga food supplies. Kailangang maghanda o mag-imbak ng supplies para sa pitong araw at sa mga supplies na ito ay kailangang ihanda ang mga bagay na maaring dalhin agad sa panahon ng emerhensiya. Ilagay ang mga ito sa isang rucksack o knapsack at iba pa na madaling dalhin sa dalawang kamay.

非常持出品の例 (Halimbawa ng mga emergency goods)

【食料品】(飲料水、レトルト食品、缶詰等)

【Pagkain】inumin, retort pouch foods, de-lata at iba pa

【貴重品】(現金、カード類等)

【Mahahalagang bagay】pera o cash, credit card at iba pa

【衣類】(下着、タオル等)

【Damit】panloob, tuwalya at iba pa

【医療用品】(薬、生理用品、紙おむつ等)

【Medical products】gamot, sanitary goods, diapers at iba pa

風水害 (Pinsala sanhi ng bagyo at baha)

1 風水害に備えて (paghahanda sa mga pinsalang dala ng bagyo at baha)

台風や大雨などの風水害は、毎年梅雨(5月～7月)から台風シーズン(7月～10月)に集中して発生していましたが、最近では、局地的・ゲリラ的な集中豪雨も多く発生しています。短時間に大量の雨が降ると、雨を排水する下水能力がマヒし、内すい氾濫といった浸水被害や河川の増水による河川洪水が起こることがあります。日頃から情報収集を行うことで、被害を軽減するようにしましょう。

Bagama't ang mga pinsalang dala ng bagyo, malakas na ulan at iba pa ay nakasentro bawat taon mula sa tag-ulan (Mayo hanggang Hulyo) hanggang sa typhoon season (Hulyo hanggang Oktubre), nitong nakaraan ay madalas din magkaroon ng malakas na buhos ng ulan na pahintu-hinto na nakatuon sa isang lugar. Sa pagbuhos ng maraming ulan sa maikling panahon, nagbabara ang drainage system na nagiging sanhi ng pag-apaw ng tubig sa mga patubigan. Sa regular na pagtanggap ng impormasyon ukol sitwasyon sa lokalidad, mas nababawasan ang pinsalang dulot ng ganitong uri ng kalamidad.


2 警報・注意報 (Alarma / Babala)

気象庁は、大雨や暴風、高潮などによって発生する災害の防止・軽減を目指し、警報や注意報などの防災気象情報を発表しています。

Bilang hakbang sa paghahanda sa mga kapahamakan at pagbawas sa pinsalang dulot ng malakas na pag-ulan at hangin, bagyo, pagtaas ng tubig at iba pa, isinasagawa ng Weather Bureau ang pag-anunsiyo sa mga impormasyon kaugnay sa mga alarma, babala at iba na sakop ng Disaster Prevention Weather Information.

名古屋市に発表される場合 (En caso de ser informado en la ciudad de Nagoya)

発表される区域 Pook na sakop ng anunsiyo	区分 Demarcation
市町村単位 Sang-ayon sa munisipalidad	名古屋市 Siyudad ng Nagoya
2次細分化区域 Pook na nasa secondary division	尾張東部 Owaritobu
1次細分化区域 Pook na nasa primary division	西部 Kanlurang bahagi
県内全域 Lahat ng pook sa loob ng prefecture	愛知県 Aichi Prefecture



(気象庁ホームページより)(Mula sa homepage ng Weather Bureau)

避難 (Pagsilong patungo sa kaligtasan)

1 避難に関する情報 (Impormasyon kaugnay sa pagsilong o evacuation)

避難準備情報、避難勧告、避難指示の3段階でお知らせする避難情報にご注意ください。

Ang Evacuation Preparation, Evacuation Order at Evacuation Directive ay ang tatlong bahagi o levels ng pamamahagi ng impormasyon sa publiko sa panahon ng kapahamakan. Kailangang mag-ingat at bigyang-pansin ang mga babalang ito.

避難準備情報とは？ Ano ang Evacuation Preparation Information?



避難準備情報は、避難を必要とする状況になるおそれがあるとき、名古屋市が避難勧告を発令する準備に入ったことをお知らせするものです。対象地域の方は避難の心構えと準備を始めてください。また、高齢者、障がい者などの方で、特に避難に時間を必要とする場合は、自主避難を開始してください。

Ang Evacuation Preparation Information ay ipinamamahagi sa sitwasyon na kung saan kailangang isagawa ang pagsilong at ibinibigay pagkatapos magpalabas ng Evacuation Order mula sa siyudad ng Nagoya. Para sa mga mamamayang nasasakop nito, kailangang ihanda ang sarili at umpisahan ang nararapat na paghahanda para sa pagsilong. Kailangang isagawa ang voluntary evacuation sa kaso ng mga matatanda, may kapansanan sa katawan at iba pa, kung saan kinakailangan ng sapat na panahon para isagawa ang preparasyon sa pagtakas o pagsilong.

避難準備情報は、広報車・インターネットなどによる広報、災害救助地区本部や消防団による地域への広報、テレビ・ラジオによる報道などでお知らせします。情報が発表されたら、テレビ・ラジオをつけて続いて発表される気象情報に十分注意してください。

Ang Evacuation Preparation Information ay ipinamamahagi sa pamamagitan ng PR vehicle, sa Internet, mula sa public service ng Regional Disaster Relief Headquarters o sa himpilan ng bombero, sa pag-uulat sa TV at radyo. Sa oras na makatanggap ng anunsiyo, kumpirmahin sa TV at radyo ang lagay ng panahon at isagawa ang nararapat na pag-iingat base sa impormasyong natanggap.

避難勧告とは？ Ano ang Evacuation Order?



避難勧告は、災害が発生するおそれがあるとき、対象地域の方に避難を勧めるために発令します。

Ang Evacuation Order ay ibinibigay sa mga mamamayang sakop ng pook na kung saan may panganib na magkaroon ng kalamidad o kapahamakan upang hikayatin ang mga ito na sumilong o tumakas patungo sa kaligtasan.

避難勧告発令時は、避難準備情報のお知らせに加えて、サイレンを鳴らします。お近くの避難所に避難してください。

Kasabay ng pagbigay ng Evacuation Preparation Information, isinasagawa ang pag-anunsiyo sa Evacuation Order at pinapatunog ang siren. Sang-ayon sa babalang ito, sumilong agad sa itinakdang pook-silungan o evacuation area.

避難指示とは？ Ano ang Evacuation Directive?



避難指示は、災害の状況や被害の発生など、生命の危険がより高まったときに、対象地域の方に避難行動をしていただくために発令します。

Isinasagawa ang pag-anunsiyo sa Evacuation Directive upang ipaalam ang lagay ng kapahamakan, pinsala at iba pa sa apektadong pook sa oras na makumpirmang may panganib sa buhay ng mamamayan at hikayatin ang mga ito na isagawa ang pagtakas o pagsilong sa kaligtasan.

避難指示発令時は、より危険の少ない避難先に避難してください。避難の際には、火の始末、戸締りを完全に行い、必要最小限の持ち物と3日分の非常食、水などを持って避難してください。

Matapos ipalabas ang Evacuation Directive, kailangang tumakas sa mas ligtas na lugar. Siguruhing patayin ang anumang apoy, isara ang mga pinto at dalhin sa pagtakas ang emergency hand carry food supplies para sa tatlong araw, tubig at iba pa.

2 避難所 (Pook-Silungan)

名古屋市では、地震、風水害などにより、住宅が壊れたり、失われるなどして生活ができなくなったとき、あるいは、被害を受けるおそれがある場合に、一時的に避難するために「避難所」を開設します。

また、避難所以外にも「広域避難場所」や「一時避難場所」を指定しています。詳しい場所については「あなたの街の避難所マップ」を確認してください。

Sa siyudad ng Nagoya, may pook-silungan o evacuation area na itinakda na maaring gamitin ng pansamantala sa panahon ng lindol, bagyo, baha at iba pang kapahamakan para sa mga mamamayang nawalan ng tirahan at kabuhayan at nasa panganib na mapinsala sa nangyayaring kalamidad.

Bukod sa pook-silungan na nabanggit, may mga itinakdang Wide-Area Evacuation Center at Temporary Shelter. Para sa mga detalye, kumpirmahin ang mapa para sa mga pook-silungan o evacuation area sa siyudad na kinabibilangan.

- 避難所: 災害から身を守るために避難する場所。主に市立の小中学校を指定している。(庄内川・矢田川の堤防が決壊した場合に、使用できないことが想定される避難所もある。)



- Pook-silungan: Ito ang pook kung saan maaring sumilong para protektahan ang sarili sa panahon ng kapahamakan. Kalimitan ay mga Municipal Elementary/Junior High School ang itinatakda bilang pook-silungan. (sa kaso ng pagkawasak ng ilog ng Shounai / ilog ng Yatagawa, tinatantiya na may mga pook-silungan din na hindi maaring gamitin.)



- 広域避難場所: 大地震時に伴う大火災が発生した場合に避難する場所。主に1万㎡以上の公園・緑土・グラウンドを指定している。
- Wide-Area Evacuation Center: Ginagamit kapag nagkaroon ng malaking sunog sanhi ng isang malaking lindol. Kalimitang ginagamit ang mga public parks / green area / grounds na higit sa 10,000 ㎡.

- 一時避難場所: 広域避難場所へ避難する際、一時的に避難して火災の様子をうかがう場所。



- Temporary Shelter: Sa pagtungo sa Wide-Area Evacuation Center, maaring sumilong ng pansamantala sa Temporary Shelter upang obserbahan ang lagay ng sunog.

急病 (Biglaang pagkakasakit)

1 病院が分からない時は (Kapag hindi alam kung saan ang ospital)

医療機関案内サービスです。5ヶ国語(英語・ポルトガル語・中国語・韓国語・スペイン語)の音声・FAXによる自動応答案内も利用できます。

Ito ay isang guidance service para sa mga pagamutan. Isinasagawa din ang Automatic Voice / FAX Guidance Service sa limang wika (Ingles, Portuguese, Intsik, Koreano, Espanyol).

救急医療情報センター Emergency Medical Information Center	(5ヶ国語) Limang wika	Telepono: 050-5810-5884
	(日本語) Wikang Hapon	Telepono: 052-263-1133
(ホームページアドレス) (homepage address)	(5ヶ国語) Limang wika http://www.qq.pref.aichi.jp/es/qq/qq23egmp_lt.asp ※外国語での診療に対応している病院・診療所を検索できます。 ※Maaring hanapin ang ospital o klinika na nagsasagawa ng pagsusuri sa wikang banyaga.	
	(日本語) Wikang Hapon http://www.qq.pref.aichi.jp/ap/qq/men/pwtpmenu01.aspx	

2 火事、急病やケガをした時 (Sa oras ng sunog, biglaang pagkakasakit, pagkasugat)

消防車や救急車を呼ぶ時は、局番なしの「119」番です。その他にも、次の「119」番通報ができます。

I-dial ang numerong 119 sa pagtawag ng bombero at ambulansiya.
Bukod pa rito, maaring gamitin ang numerong 119 sa sumusunod.

ファクシミリで119番 (Facsimile 119)

耳や言葉が不自由で、電話による 119 番通報ができない方は、FAXで通報ができます。

Para sa mga taong may problema sa pandinig o pagsasalita, kung saan hindi maaring gumamit ng numerong 119 sa telepono, maaring gamitin ang FAX.

FAX番号 (Numero ng FAX)

FAX: 052-953-4119

電子メールで119番 (119 sa pamamagitan ng E-Mail)

耳や言葉が不自由で、電話による 119 番通報ができない方は、電子メールで通報ができます。(事前登録が必要です。)

Para sa mga taong may problema sa pandinig o pagsasalita, kung saan hindi maaring gumamit ng numerong 119 sa telepono, maaring gamitin ang E-Mail.

問合せ先 (Contacto)

消防局防災部情報指令課
Fire Department Disaster Prevention Division
Information Command Unit
Telepono: 052-972-3522 FAX: 052-972-3577

消防署 (Himpilan ng Bombero)

区 (Ward)	所在地 (Pook ng tirahan)	区 (Ward)	所在地 (Pook ng tirahan)
	連絡先 (Telepono / FAX)		連絡先 (Telepono / FAX)
千種 (Chikusa)	希望ヶ丘 2-6-21 2-6-21 Kibogaoka	熱田 (Atsuta)	高蔵町 4-9 4-9 Takakura-cho
	TEL 052-764-0119 / FAX 052-752-1119		TEL 052-671-0119 / FAX 052-681-0119
東 (Higashi)	筒井一丁目 8-30 1-8-30 Tsutsui	中川 (Nakagawa)	高畑一丁目 224 1-224 Takabata
	TEL 052-935-0119 / FAX 052-937-4468		TEL 052-363-0119 / FAX 052-362-0119
北 (Kita)	萩野通 2-1 2-1 Hagino-tori	港 (Minato)	千鳥一丁目 11-19 1-11-19 Chidori
	TEL 052-981-0119 / FAX 052-915-0119		TEL 052-661-0119 / FAX 052-653-0119
西 (Nishi)	兎玉二丁目 25-22 2-25-22 Kodama	南 (Minami)	桜本町 24 24 Sakura-honmachi
	TEL 052-521-0119 / FAX 052-532-0119		TEL 052-825-0119 / FAX 052-822-6133
中村 (Nakamura)	大宮町 1-53 1-53 Omiya-cho	守山 (Moriyama)	西新 11-8 11-8 Nishishin
	TEL 052-481-0119 / FAX 052-483-0119		TEL 052-791-0119 / FAX 052-793-0119
中 (Naka)	栄一丁目 23-13 1-23-13 Sakae	緑 (Midori)	滝ノ水四丁目 2007 4-2007 Takinomizu
	TEL 052-231-0119 / FAX 052-222-0119		TEL 052-896-0119 / FAX 052-891-0119
昭和 (Showa)	御器所通 2-16-1 2-16-1 Gokiso-tori	名東 (Meito)	野間町 40 40 Noma-cho
	TEL 052-841-0119 / FAX 052-842-0119		TEL 052-703-0119 / FAX 052-703-0104
瑞穂 (Mizuho)	北原町 3-17 3-17 Kitahara-cho	天白 (Tenpaku)	原五丁目 2506 5-2506 Hara
	TEL 052-852-0119 / FAX 052-852-6223		TEL 052-801-0119 / FAX 052-806-0119

【メモ】(MEMO)

119番通報 (Pag-dial ng 119 para sa emerhensiya)

消防車や救急車を呼びたい時には、電話で119番を通報してください。電話に出たオペレーターが次の質問をしますので、落ち着いて日本語または英語で答えてください。

住所等をあらかじめ記入しておき、いざという時に説明できるようにしておきましょう。

I-dial ang numerong 119 sa pagtawag ng bombero at ambulansiya. May operator na sasagot sa telepono na magtatanong, kaya maging mahinahon at sagutin ang mga katanungan sa wikang Hapon o Ingles.

Isulat muna ang sariling address at iba pa, kahit papaano ay sikaping maipaliwanag ang sitwasyon.

119番オペレーター Operator ng 119	あなた Sarili
火事ですか？救急ですか？ Kaji desuka? Kyukyu desuka? May sunog ba? May emerhensiya ba?	Kaji desu. (Sunog) o Kyukyu desu. (Emerhensiya)
場所はどこですか？ Basyo wa doko desu ka? Nasaan ba ang lugar?	_____Ku, _____Machi, _____. (_____Mansion_____go-shitsu.)
何階建ての何階ですか？ Nankai date no nann kai desu ka? Ilang palapag ang gusali at nasa anong palapag ito?	____kai dateno ____kai desu. (●●●● ●●●●)
どのような状況ですか？ Dono youna jyokyo desuka? Ano ang sitwasyon?	<ul style="list-style-type: none"> • Watashi no ie ga moete imasu. (Nasusunog po ang bahay / kuwarto ko). • Tuma ga takai netu wo dashimashita. (Mataas po ang lagnat ng asawa ko.) • Kodomo ga atama ni kega wo shimashita. (Nasugatan po ang aking anak sa ulo.)
あなたの名前を教えてください。 Anata no namae wo oshiete kudasai Pakibigay po ng inyong pangalan.	Watashi no namae wa _____desu. (Ang pangalan ko po ay si _____.)

メモ (MEMO)

あなたの名前 Sariling pangalan		血液型 Blood Type	国籍 Nasyonalidad
生年月日 Petsa ng kapanganakan			
住所 Tirahan		電話番号 Numero ng telepono	

自宅以外の連絡先 (Iba pang contact details maliban sa sariling tahanan)

氏名 Pangalan		続柄 Kaugnayan	国籍 Nasyonalidad
住所 Tirahan			
備考 Memo		電話番号 Numero ng telepono	